Social Sciences and Development Review
Volume 18, No. 1, 2026

Polytechnic University of the Philippines




Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

Other citation formats:

MLA Chicago

# Ang ideolohiya ng Rebolusyong 1896 at ang tunggalian ng burgesya sa loob ng Katipunan

# The ideology of the 1896 Revolution and the struggle of the bourgeoisie within the Katipunan

**Jacinto R. Valila, Jr.**
Polytechnic University of the Philippines
University of the Philippines Diliman
jrvalila1@up.edu.ph

**DOI:** https://doi.org/10.70922/62ebmr87

**Article History:**

Date received: March 20, 2026
Date accepted: June 16, 2026

**How to Cite this paper:**

Valila, J. R. Jr. (2026). Ang ideolohiya ng Rebolusyong 1896 at ang tunggalian ng burgesya sa loob ng Katipunan. *Social Sciences and Development Review, 18*(1), pp. 35-59. https://doi.org/10.70922/62ebmr87

Please contact the publisher for any further use of this work at socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026 CC BY-NC 4.0

# Ang ideolohiya ng Rebolusyong 1896 at ang tunggalian ng burgesya sa loob ng Katipunan

# The ideology of the 1896 Revolution and the struggle of the bourgeoisie within the Katipunan

**Jacinto R. Valila, Jr.**
Polytechnic University of the Philippines
University of the Philippines Diliman
jrvalila1@up.edu.ph

*The bourgeoisie, historically, has played a most revolutionary part...*
*It compels all nations, on pain of extinction, to adopt the bourgeois mode*
*of production; it compels them to introduce what it calls civilization*
*into their midst, that is, to become bourgeois themselves.*
*In a word, it creates a world after its own image.*

**-Marx** and **Engels, Communist Manifesto (1848)**

## ABSTRAK

Pinagtatalunan ng mga historyador kung may ideolohiya nga ba ang Katipunan ni Bonifacio at ang Rebolusyong Burges ng 1896, katulad ng mga Rebolusyong Creole at mga anti-kolonyal, na sa kalauna'y mga naging anti-imperyalistang Rebolusyong Tsino, Vietnamese, Kubano, at Indones. May mga pag-aangkin ang ilan na mababanaagan ang ideolohiyang ito sa mga sulatin ni Bonifacio at Jacinto na di-umano'y humalaw ng inspirasyon mula sa Rebolusyong Pranses at sa pundasyon nitong liberal na tradisyon sa pilosopiya, kasama ang mga doktrina ng kilusang Masoneriya. May mga pagdidiin na marapat basahing muli at repasuhin nang repasuhin pa ang mga sulatin ni Bonifacio at Jacinto sapagkat doon matutunghayan ang ideolohiyang ito at wala kay Rizal at sa tradisyong protesta sa panahon ng kolonyalistang Espanyol. Ano nga ba ang ideolohiyang ito o teorya ng rebolusyon, kung mayroon man? Ito ba ang pilosopikal na pundasyon ng Katipunan na nagpasiklab ng himagsikan? O sadyang lantay na espontayong masa ang Himagsikang 1896 at ang pagkakabuo ng Katipunan ay bunga ng mga ahitasyon ni Bonifacio at ng radikal na saray ng maliit na burgesya na nakakawing sa tradisyong protesta sa harap ng naaagnas na kolonyalistang paghahari sa Pilipinas? Sa pamamagitan ng *bibliographic review* at pag-

aandukha sa lenteng Marxista, tatalakayin ng papel ang ideolohiyang ito o ang sadyang kawalan o kakapusan nito sa Rebolusyong 1896. Tatalakayin din ang tunggalian ng mga paksyong burges sa loob ng Katipunan na humantong sa likidasyon ni Bonifacio at pagkalusaw ng Katipunan sa harap ng kontra-rebolusyong dahas ng mga haciendero't burgesyang kabitenyo.

**Mga susing salita:** *Bonifacio, Katipunan, kolonyalismo, Haciendero't Ilustrado, protesta, rebolusyon, kontra-rebolusyon*

## ABSTRACT

Historians debate whether Bonifacio's Katipunan and the Bourgeois Revolution of 1896 had an ideology comparable to that of the Creole and anti-colonial revolutions, which later evolved into the anti-imperialist revolutions like the Chinese, Vietnamese, Cuban, and Indonesian revolutions. Some claim that this ideology can be discerned in the writings of Bonifacio and Jacinto, which supposedly drew inspiration from the French Revolution and its foundational liberal philosophical tradition, together with the doctrines of the Masonic movement. Others insist that the writings of Bonifacio and Jacinto should be reread and reviewed repeatedly because it is there that this ideology may be found, and not in Rizal or in the tradition of protest during the long period of Spanish colonial rule. What exactly is this ideology or theory of revolution, if it indeed existed? Was it the philosophical foundation of the Katipunan that ignited the uprising? Or was the Revolution of 1896 essentially a purely spontaneous armed mass movement, with the formation of the Katipunan being the result of Bonifacio's agitation and that of the radical stratum of the petty bourgeoisie linked to the tradition of protest in the face of the decaying colonial regime in the Philippines? By way of a bibliographic review and an examination through a Marxist lens, this paper will discuss this ideology—or its absence or insufficiency—in the Revolution of 1896. It will likewise examine the struggle among bourgeois factions within the Katipunan that led to the liquidation of Bonifacio and the dissolution of the Katipunan in the face of the counterrevolutionary violence of the Caviteño hacendero-bourgeoisie.

**Key Words:** *Bonifacio, Katipunan, colonialism, landlord, ilustrado, protest, revolution, counter-revolution*

**Pambungad: Anung ideolohiya?**

Hati ang mga historyador kaugnay sa mga usaping pilosopikal na pundasyon ng Rebolusyong 1896 o ng Katipunan. Mas marami ang mga nagsasabi na ang Katipunan ay humalaw sa liberal na inspirasyon ng Rebolusyong Pranses noong 1789 na nag-internalisa ng mga konseptong *"liberty", "fraternity" at "equality"* kasama ang mga ideya ng repormistang Kilusang Propaganda nina Rizal, Del Pilar, Jaena at iba pa.

Samantala, ang kabilang kampo ng mga historyador ay may pagkiling sa paniniwalang may sariling ideolohiya sina Bonifacio at Jacinto batay sa kanilang kalagayang panlipunan sa balangkas ng naaagnas na paghaharing kolonyal ng Espanya sa Pilipinas. Makikita, diumano, ang mga ito sa mga sulatin at mga ritwal ng Katipunan na nabuo sa pamamagitan ng masinsin at matalas na pagsinop ni Bonifacio at Jacinto sa obhetibong kalagayan ng kolonyal na sistema, kaapihan ng mga Pilipino, at kawalang pag-asa na ireporma ng Espanya ang kaniyang kolonyal na paghahari sa bayan batay sa mga umuusbong na liberal na tendensya sa Europa. Mababanaagan sa mga sulatin nina Kimuel-Gabriel (2014a, 2014b), Chua (2014), Nunag (2014), Villan (2014) at Galang (2014) na hinubog ng Tundo si Bonifacio bilang rebolusyonaryo at siya'y produkto ng kanyang pook, kasaysayan ng mga naunang pag-aalsa at ang karimarimarim na kalagayang sosyo-ekonomiya ng kolonya.

Ang pinakahuling grupo ng mga mananalaysay ang may pinakamapanlikhang ideya. Batay sa kanilang interpretasyong kultural, idinidiin nila ang malawak na impluwensya sa Katipunan ng milenaryong tendensiya ng mga pesante na may interpretasyon sa katubusan ng bayan batay sa mga sakripisyo ni Kristo tulad ng pagdadalamhati niya sa "pasyon" at samakatuwid, pamumunuan ang mga mapagpalayang kilusan ng mga bagong Kristo at ang kalayaan o katubusan ng bayan ay ibubunga ng mga kataklismo na pupurga sa kasamaan para hawanan ang kabutihan, katuwiran at kaginhawaan ng sangkatauhan. Kabilang sa may ganitong pagtingin si Ileto (1979), habang kay Salazar (1997) ay umuugat di-umano ang mga ideya ni Bonifacio sa mga katutubong praktika at lantay na kultura ng mga Pilipino.

Sino kaya ang mas tumpak sa mga pag-aandukhang ito? O masasabi bang may isang modelo o dominanteng tendensiya sa mga tatlong kaisipang nabanggit ang Katipunan at ang Rebolusyong 1896? Hindi naman kaya, ang totoo, ay ang paghahalo-halo ng iba't ibang impluwensya sa Katipunan mula sa mga nabanggit na tatlong tendensiya, kasama na ang mahabang tradisyon ng protesta laban sa kolonyalismo sa Pilipinas at ang humigit-kumulang 300 armadong pag-aalsa sa loob ng mahigit 333 taong paghaharing kolonyal ng Espanya sa Pilipinas?

Mahalaga ang pilosopiya o ideolohiya sa isang kilusang mapagpalaya laban sa kolonyalismo dahil ito ang magsisilbing lunduyan ng pagsusuri sa kalagayan ng bayan

upang makapagbuo ng isang teoryang pampulitika. Ito ang magdidirehe sa tunguhin ng rebolusyonaryong digma at ito ang magtatakda ng sistemang pang-ekonomiya at pampulitika matapos lumaya ang bayan sa mahabang kolonyal na karanasan. Mayroon nga ba nito ang Katipunan tulad ng sa mga Rebolusyong Creole nina Simon Bolivar, Alexander Hamilon at Lucas Alaman (Riofrancos, 2018)? O ng liberal demokrata kaya ni Jose Marti sa Rebolusyong Kubano ayon sa pagtalakay ni Suchlicki (1966)? Malinaw na higit pa sa mga nabanggit, may taglay na mga Marxista at mga mala-Marxistang ideolohiya ang Rebolusyong Ruso, Tsino, Indones, Kubano, at Vietnamese sa lumang Indochina.

Ano ang mayroon sa Katipunan, samakatuwid?

Humuhugot ng malalim sina Milagros Guerrero (1998) sa kanyang artikulong—"Pagtanaw sa Kasaysayan, Paghahanda sa Himagsikan: Mga Ideya ng Katipunan, 1892-1897" at si E. San Juan (2016) sa kanyang papel na—"Lagda ni Andres Bonifacio: Paghamon sa tadhana, himagsikan, at pagtupad sa kapalaran ng sambayanang Pilipino"— kaugnay sa di-umano pang-aalipusta ng mga burges na mga historyador at intelektuwal kay Bonifacio, Jacinto at sa Rebolusyong 1896. Sentral sa mga argumento ng dalawang kilalang makabayang historyador at mga pampublikong intelektuwal ang pagtatanghal kay Bonifacio bilang pangunahing organisador at ahitador *(agitator)* ng Rebolusyong 1896 at nang sa gayon, pangkalahatang pinunong militar sa pag-aaklas ng bayan laban sa tiranong kolonyalistang Espanyol. Inihudyat ng himagsikang ito, walang pasubali, ang pagsilang ng kauna-unahang Republikang Asyano sa kasaysayan mula sa mga titis at guho ng nabubulok na paghaharing kolonyal ng mga Europyo sa Asya. Hindi mapapasubalian, samakatuwid, ang matayog na papel ni Bonifacio at ng Katipunan sa kasaysayan ng bayan at maging sa pangkalahatang kontra-kolonyal na naratibo ng buong kontinenteng Asyano.

Para kay Guerrero (1998), sopistikado, matalas at masaklaw ang mga sulatin nina Jacinto at Bonifacio na kabilang sa mga pundamental na dokumento ng Katipunan. Aniya, "layunin ng papel (niya) na ipakita na bagama't iilan lamang ang maituturing na mga akda ng Katipunan, nasa loob nito ang isang masusing pagtanaw sa kasaysayan bilang kapaligiran ng pagbabago at ng isang makatwirang ideolohiya upang makabuo ng isang istrukturang papalit sa kaayusang kolonyal sakaling magwagi ang himagsikan. Kahit kakaunti ang mga obra nina Bonifacio at Jacinto, hitik naman ang mga ito sa mga yamang diwa tungkol sa pagbubuo at integrasyon ng sangbayanan. Kung susuriing mabuti, nasa loob ng kanilang mga obra ang isang diskursong pangpulitika, na bagama't payak, ay maaari namang ituring na sapat na patnubay ng mga mamamayang nagnanais na lumaya sa rehimeng Kastila at makapaglingkod sa bayan" (p. 38).

Tinurol ni Guerrero (1998) ang paghahanap ng ideolohiya ng Katipunan kay Rizal at sa kilusang propaganda gayong sa wika niya ay "wala namang doon" (p. 38)". Mahihinuhang

may sariling ideolohiya si Bonifacio, Jacinto at ang Katipunan batay sa paglalarawan ni Guererro at ito'y nakabaon sa mga dokumento ng Katipunan kabilang na "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog", "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa", "Kartilya ng Katipunan", "Liwanag at Dilim", "Katapusang Hibik ng Filipinas", at mga dokumento sa pagsaping ritwal sa organisasyon at iba pa. Nilapatan ni Guerrero ng masusing tekstuwal na analisis ang mga sulatin nina Jacinto at Bonifacio upang itanghal ang di-umano, pilosopiya o ideolohiya ng Katipunan na nakasandal sa taimtim na hangaring lumaya ang bayan, pagkakapantay-pantay at pagyurak sa anumang uri ng kaapihan at pang-aalipin ng tao sa kapwa tao.

Sa kabilang banda, pilit na inilalapit ni San Juan ang Rebolusyong 1896 bilang karugtong ng kasalukuyang "Pambansang Demokratikong Rebolusyon" na isinusulong ng Pambansa Demokratikong Nagkakaisang Prente (NDF) at Partido Komunista ng Pilipinas (PKP 1968), bitbit ang Marxista-Leninista at Maoistang pampulitikang linya bilang patunay ng katuwirang mag-alsa ang bayan laban sa di-umano kolonyal at mala-kolonyal na kalagayan nito. Bilang Marxistang intelektuwal, ginamit ni San Juan ang teoryang materyalismo istoriko sa pagtugaygay sa mga sulatin ni Bonifacio at ng Katipunan upang ipamalas ang ideolohiya ng *"Enlightenment"* na diumano nasagap ni Bonifacio sa pagbabasa ng mga literatura ng Himagsikang Pranses mula kina Victor Hugo at iba. Kasama rin dito ang pagkakasuplong ni Bonifacio sa mga pamamaraang burges at modernismo na nakuha niya bilang empleyado ng mga banyagang kapitalistang empresa sa Pilipinas. Itinuring ni San Juan (2016) ang mga akda ni Bonifacio bilang mga gahum at talasalalayan ng katuwiran at etika ng tao na naging pundasyon sa paghingi ng pagkakapantay-pantay at paglaya mula sa pang-aalipin ng tao sa kapwa tao.

Tumpak kaya ang apropasyon ni Guerrero at San Juan? Sa aklat ni Richardson (2013) na *"The Light of Liberty"*, mababanaagan ang mga katitikan ng mga pulong ng Katipunan at mga ritwal nito. Doon, walang pagbabanggit ng ideolohiya o diskusyon kaugnay sa diskursong pulitikal, historikal at maging sa mga pantas ng *"Enlightenment"* katulad ni Rousseau, Voltaire, Diderot o Locke o maging sa mga radikal ng Rebolusyong Pranses tulad ni Robespierre, Danton at Marat. Wala rin nasabi kaugnay sa mga modernong ideolohiya ni Hegel, Kant, Marx, Proudhon, Margall at iba pang mga kanluraning kaisipan. Sa mga katitikan, pawang mga praktikal na bagay ang mga pinag-usapan kaugnay sa pagpapalago ng kilusan, organisasyon, seguridad, pagtutulungan at pagdadamayan at mga pampinansyal na katatayuan ng Katipunan. Walang usapan kaugnay sa mga teorya, ideolohiya o sa mga estratehiya at taktika ng rebolusyon. Maging mga pulong-pag-aaral at sama-samang pagtalakay sa isang teorya o babasahin ay walang naganap ayon sa mga katitikan ng Katipunan.

Masusing nakuha ni Richardson (2013) ang mga katitikang ito sa arkibong militar ng Espanya at ito ang naging batayan sa pagsulat niya ng aklat. Ano ang inilalarawan ng mga ito?

Pambansang Demokratikong Rebolusyon ba ang isinulong ng Katipunan batay sa apropasyon ni San Juan at iba pa? Walang patunay na kailanman lumitaw sa mga katitikan ng Katipunan ang salitang Pambansa-Demokratikong Rebolusyon. Ang nakasaad ay ito'y pag-aalsa ng mga mararahas na anak ng bayan upang ibangon ang bayan sa pagkakabulid sa kadiliman at kasamaan na idinulot ng tiranong mga mananakop. Lantarang nilabag, di-umano ng Espanya ang *"Pacto de Sangre"* ni Legazpi at Sikatuna, at ibinulid sa kaapihan, kamangmangan at kainutilan ang bayang sibilisado na, bago pa man dumating ang mga Kastila batay sa anotasyon ni Rizal kay Morga.

Kahit programang panlipunan katulad ng rebolusyong agraryo, mga patakaran sa ugnayang panlabas, o porma ng pamahalaan at hugis ng ekonomiya matapos maipagtagumpay ang armadong rebolusyon ay walang naitala ang Katipunan. Bagama't may masusing organisasyon ang Katipunan at kalakip na mga alituntunin para sa mga kasapi sa mga Balangay at mga Konseho nito (Richardson, 2013), walang naiguhit na mga pormasyong militar sa pagsiklab ng himagsikan. Samakatuwid, hindi natransporma ang Katipunan patungo sa mga pormasyong militar tulad ng mga platon, batalyon, rehimento at mga dibisyong panagupa sa inaasahang digma sa pagitan ng armadong rebolusyon ng bayan laban sa armadong kontra-rebolusyon ng mga Kastila. Mahalagang sangkap sa isang rebolusyonaryong ideolohiya ang estratehiya at taktika sa digma dahil ito ang pangunahing magtatakda kung paano aagawin ang estado-poder *(state power)* bago makapaglatag ng mga radikal na pagbabago sa bayan.

Hindi nakapagtataka kung gayon ang kawalang-kahandaan ni Bonifacio at ng buong organisasyon sa pagbulaga ng kataksilan ng mga haciendero't ilustrado sa Kumbensyong Tejeros. Katunayan, bago pa ang pagtutol ni Daniel Tirona sa eleksyon ni Bonifacio bilang mababang ministro, mistulang natanggap na ni Bonifacio ang pagkakahalal bilang tagapangulo ni Aguinaldo sa bagong reorganisadong pamahalaang rebolusyonaryo (Ricarte, 2012). Marahil patunay ito sa pagkamangha ni Bonifacio sa organisadong lakas ng mga Kabitenyo at sa mala-sopistikadong (maaaring basahin na kaswitikan) mga pamamaraan nila sa organisasyon. Hindi maitatatuwa na ang grupo ni Aguinaldo sa Kabite ay kinabibilangan ng mga haciendero't Iiustradong-burges na nakaluklok sa mga posisyong pambayan at panglalawigang pamahalaan ng burukrasyang kolonyal (Constantino, n.d). Sanay sila, kung gayon, sa maniobrahan, orkestrasyon, pandaraya, pagpatay, korapsyon, paggamit ng batas na pabor sa kanila at kung anu-ano pang mga maruruming taktika sa pagpapanatili ng kanilang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomiya.

**Ang rebolusyong burges demokratiko at ang mga ambag ni Bonifacio**

Si Jose Maria Sison (1970) ang nagbansag sa rebolusyon ni Bonifacio bilang burges na pambansang-demokratiko sa lumang tipo na nasa pamumuno ng mga mabuway na haciendero't ilustrado at hindi ng isang Partido Komunista ng mga manggagawa sa hulma ng

Bolshebismo. Sa Marxistang paradigma *(paradigm)*, maaaring tumpak ang pagkakalarawang ito ni Sison. Ang pagsibol ng kapitalismo sa huling hati ng ika-19 na dantaon ay nagbunsod ng mga radikal na pagbabago sa pigurang sosyal at ekonomiya ng kolonyang arkipelago.

Sa ekposisyon ni Scalice (2018), tinuran nya ang ganito,

> *...relationships among social classes changed dramatically in the nineteenth-century Philippines. The galleon trade between Manila and Acapulco ended in 1815. The Philippines' status as a colonial backwater, no more than an entrepôt hub in trade with China, gradually ended as well. The introduction of foreign, largely British, capital, between the first and the second half of the nineteenth century overthrew pre-capitalist relations of production. By the 1880s and 1890s, Philippine society was awash in class contradictions. Small landholders, tenant farmers, share-croppers, landless agricultural wage workers, an urban proletariat, clerks, and professional wage workers comprised various sections of the oppressed classes in society (p.37-38).*

Idiniin pa ni Scalice (2018) ang ganito,

> *Actual class relations were exceedingly volatile in the nineteenth-century Philippines. New classes emerged; old classes disappeared. Subsistence agriculture gave way to cash cropping and commodity production. While class consciousness is notoriously vicious and lags behind objective circumstances, the transformations wrought by capitalism in the decades leading up to the Philippine Revolution would have had profound effects on the consciousness of workers and peasants (p. 40).*

Dala ng intensipikasyon ng kapitalismo sa Europa, ang mga impresa't pagawaan nito ay nagtakda ng mga rekisitong hilaw na materyales katulad ng asukal, kopra, abaka, mais, kape, tsokolate, tabako at iba. Ang eksportasyon ng mga ito mula sa arkipelago ang ibayong nagpayaman sa Simbahang Katoliko at mga kasapakat nito na mga haciendero tulad ng mga pamilyang Rizal, Paterno, Pardo de Tavera, Luna, Del Pilar, Ponce, Lopez-Jaena, Calderon, Aguilera, Alejandrino, Basa, Gomez, Dimayuga, Sison-Ponce, Regidor, Viola, Abella, Magsalin, Velarde, Roxas, Laurel at marami pang iba. Sila ang mga hacienderong nagluwal ng mga anak na ilustrado *(educated elite)* matapos maipadala sa Europa at makapag-aral sa mga pinakapamosong mga unibersidad doon. Ang kanilang panawagang reporma sa pamamagitan ng kilusang propaganda ang nagbigay ng *"cultural victory"* (pagkakaiba ng puting lahi sa lahing kayumanggi) para sa mga Indio at nasapol ito ni Bonifacio bilang panawagan ng pagbubuklod ng Pilipinas o Katagalugan tungo sa isang bansa, ayon kay Constantino (1969). Ngunit sa kabilang banda, ang mga pamilya ng mga personaheng ito mismo ay ang mga papasibol

*(emergent)* na burgesya sa arkipilago na nalubos mula sa kanilang pagiging kasapakat sa pagpasok ng mga kapitalistang Amerikano sa pamamagitan ng kriminal na giyerang agresyon.

Naidagdag pa ni Constantino (1969) na nahinog ang mga rekisitong burges para sa rebolusyong demokratiko sa pagkakaroon ng arkipelago ng epektibong sistema sa transportasyon at komunikasyon. Ito ang nagbuklod sa mga Pilipino (kasama ang *cultural victory*) upang maisip nila Bonifacio ang posibilidad para sa kalayaan ng bayan sa pamamagitan ng himagsikan. Ito ang nagsilbing materyal na batayan ng pagiging isang bansa ng Pilipinas at ng tagumpay ng Katipunan na pagbuklurin ang arkipelago na hindi nagawa sa mahigit 300 armadong pag-aalsa sa loob ng 333 taong paghaharing kolonyal ng mga Espanyol. Samakatuwid, tumpak si San Juan (2016) at Constantino (1969) sa kanilang pagsipi kay Marx na kailanman gumagawa ng kasaysayan ang mga personalidad, subalit ito'y nakabatay sa kanilang materyal na kalagayang kinaiiralan. Ang mga diskusyon sa itaas ay ang materyal na kalagayan ng bayan na nagpasulpot ng Katipunan at himagsikan. Sa lenggwahe ni Benedict Anderson, ito ang imahinasyon para mabuo ang isang nasyon.

Katunayan, sa pagtaya ni Pilapil (1965), ang dahilan ng Rebolusyong 1896 ay hindi masusuma sa pang-aapi lamang ng mga Espanyol. Ito ay pagtatagpo ng mga historikal na batayan, kabilang ang mga patakarang liberal ng mga Espanyol sa Pilipinas na babawiin din sa kalaunan dahil sa pabago-bagong gobyerno sa Espanya dala ng maigting na tunggalian ng mga repormista't liberal laban sa mga puwersang absolutista at despotiko doon; pag-angat ng edukadong panggitnang uri dahil sa mga rekisito sa pag-eempleyo ng mga dayuhang impresa sa Pilipinas; pagpasok ng mga babasahin at mga modernong ideya mula sa labas na ibinunsod nang pagbubukas ng Kanal Suez; pag-inog ng kilusang protesta at repormista sa loob ng Pilipinas; kilusang sekularisasyon sa loob ng Simbahang Katoliko; at ibayong krisis ng sistemang kolonyal dala nang matinding pagpiga ng Espanya sa Pilipinas dahil sa lumolobong mga gastusin nito mula sa pagkawala ng maraming teritoryo at rekurso na ibinunsod ng mga pagkatalo ng Espanya sa Britanya, *Napoleonic Wars* at mga giyerang mapagpalaya sa Latino Amerika.

Mula rito, kasama na ang impluwensya ng Kilusang Propaganda at protesta ng mga ilustrado, umusbong ang nasyonalismo sa Pilipinas. Sa wika ni Ocampo (1998),

> *The Filipino nationalism owes its birth in the last 30^th^ years of the 19^th^ century, mainly to two historical factors: first, the gradual merging "into one mighty stream" of various "rivulets of grievances and revolts" during more than three centuries of Spanish rule (Lansang 1968); second, the articulation and dissemination by the Propaganda Movement, (1872-1896) of the Filipinos (then prejoratively called indios by the colonizers) demand for equal rights and status as subjects of Spain, together with their realization that they were "geographically and ethnically a distinct people*

> *with a history that dates back to pre-colonial times (Lumbera 1981)". That nascent nationalism in turn gave birth in 1892 to Katipunan, a secret mass organization for an armed revolution that would put an end to Spanish rule* (p. 71).

Bilang mahusay na organisador at ahitador *(agitator),* nasuma ni Bonifacio ang kalagayang ito at nailagay sa balangkas ng isang linyang pampropaganda para sa organisasyon ng Katipunan. Nagsilbing kuwerpo ang Katipunan para sa paparating na daluyong ng espontanyong masa (*spontaneity of the masses*) matapos mailimbag ang una't huling isyu ng "Kalayaan" at "Sigaw sa Balintawak". Walang ibang paliwanag ang eksponensyal na paglobo ng kasapian ng rebolusyonaryong Katipunan mula sa orihinal na 400 hanggang 400,000 maliban sa teorya ng espontanyong masa na nagmula kay Rosa Luxemburg. Magkagayon man, nabasa nang maigi ni Bonifacio ang daluyong ng espontayong masa at naani niya ito sa taktikal na paraan para sa maalab at popular na paghihimagsik ng bayan.

Kung espontanyong masa dala ng tumatalas na kontradiksyon ng kolonyalismo laban sa mga mamamayan at pag-usbong ng nasyonalismo, aling ideolohiya kaya ang nakaaapekto o dagdag na nakaapekto sa espontanyong masa? Matatandaang umabot lamang ang kasapian ng Katipunan sa humigit-kumulang 400 mula 1892 hanggang 1896. Ang karamihan sa kasapian nito ay mga empleyado sa pribadong empresa, kleriko o bahagi ng mga lokal na burukrasya at maituturing na nasa edukadong saray ng panggitnang uri, kabilang na si Bonifacio.

Si Anonuevo (1998, par. 5) ang may pinakapayak ngunit epektibong depinisyon sa ideolohiya ng Katipunan, at ani nya,

> Ang ideolohiya ng Katipunan na aking binanggit dito ay maaaring tingnan sa tatlong yugto. Una, ang pagtatanggol ng kalayaan laban sa anumang elementong mapanakop at ang pagtatakwil sa "karimlan." Ikalawa, ang pagbabalik sa dating kalagayang "maginhawa" bago sumapit ang pananakop at ang pagkakamit ng "liwanag." At ikatlo, ang pagbabalangkas ng mga bagay o kaisipan na pawang makapagbubuo ng bagong kaayusan sa sarili (Tao) o sa lipunan (Inang Bayan o Haring Bayang Katagalugan).

Katunayan ani ni Anonuevo (1998, p. 3), "tumatak ang mga ideolohikal na konsepto ni Bonifacio at Jacinto sa mga sumunod na makatang Pilipino gaya ni Faustino Aguillar, Julian Cruz Balmaseda, Corazon de Jesus, Benigno Ramos, Inigo Ed. Regalado, Aurillo Tolentino, Florentino Collantes, ang mga Sakdalista at marami pang iba". Masisilayan di-umano sa kanilang mga katha ang mga konsepto ni Bonifaco at Jacinto ng, "Inang Bayan," "puri," "kalayaan," "katwiran," "liwanag," "dilim," "ginhawa," "pag-ibig," "katotohanan," at iba pa—" na pawang ipinahiwatig sa sari-saring hulagwáy at pinalakas sa pagsasakatawan ng mga dalumat ng bayan—at tila sinagap sa alingawngaw ng mga akda ng Katipunan". Ganito rin naman ang mga nabanggit ni Guerrero (1998) at San Juan (2016) bilang mga salalayang konsepto di-umano sa lantay na ideolohiya ng Katipunan.

Kasama ang tradisyong protesta at reporma sa Pilipinas, umuusbong na nasyonalismo sa inspirasyon ng tunguhing liberalismo sa Europa at ang pag-aandukha ng mga ito bilang mga magkakaugnay (*coherent)* na ideya at ahitasyon para sa pag-aalsa ng mga mararahas na anak ng bayan laban sa kadiliman at kasamaan ng kolonyalismo, tulad sa mga nakasaad sa mga sulatin ni Bonifacio at Jacinto— maituturing ba sila bilang mga elemento ng isang integral na ideolohiya ng paghihimagsik? Maaaring oo ang sagot dito, at maaaring sabihin din na ito ay isang pampropagandang linya lamang dahil kapos ang Katipunan para sa isang *"vision of utopia"*, walang malinaw na sinandigang teorya ng *"social change",* at ang tanging hangad nito ay *"regime change"* lamang—pagpapalayas ng mga abusadong prayle at pagsandal sa modernong mga pamamaraan at mga repormistang ideya na pumasok sa Pilipinas, batay sa pagtaya ni Rafael (2022). Dagdag pa nga niya, dahil sa kawalan ng isang sopistikadong teorya para sa pagbabagong panlipunan, ang mga sulatin ng Katipunan ay sa kalakhan mga eksortasyon (*exhortation)* lamang tungkol sa mga mabubuting katangian ng mga Pilipino bago dumating ang kolonyalismo, na ibinandila na ni Rizal noon. Ang bisyon ng Katipunan sa hinaharap ay ang pagbalik sa nakaraang "kaginhawaan" bago malambungan ng "kadiliman" na dala ng mga Kastila.

Dahil idolo si Rizal ni Bonifacio at Jacinto, malakas ang sapantahang nasapol nila ang moralistang pilosopiya ni Rizal na nakaugit sa *"The Indolence of the Filipino",* "*Annotations to Morga"* at sa mga karakter ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo bilang *"corrupted souls"* ng mga Pilipino tulad ni Maria Clara na walang ulirat, Basilio na *apathetic*, Sisa na binaliw ng kahirapan, Ibarra na repormista, Kapitan Tiago at mga Pelaez na mga *corrupt*, Donya Victorina na *colonial-minded*, Pilosopong Tasyo na intelektuwal ng toreng garing at di-maunawaan ng masa, Simoun na nakabatay ang motibasyon sa pagrerebolusyon mula sa paghihiganti, at iba pa. Para kay Rizal, ang mga *"corrupted souls"* na ipinanganak sa mahabang pang-aabuso at pananakot ng kolonyalismo ay hindi kailanman makakapagbuo ng isang bansa o maipagtatagumpay ang isang rebolusyon. Ito ang ubod na mensahe ng Noli Me Tangere at nang sa gayon, ang El Filibusterismo ay isang eksposisyon kung paano mabigo ang isang rebolusyon na pinamumunuan ng *"corrupted souls"* gaya ni Simoun. Mapapansin na ang mga alituntunin ng disiplina sa Katipunan ay kahawig ng mga pamantayan sa pagsapi at disiplina sa organisasyong La Liga ni Rizal.

Dagdag pa ni Rafael (2022), ito marahil ang dahilan kung bakit mapanghimagsik ang Katipunan sa pulitika pero konserbatibo sa usapin ng panlipunang pagbabago. Katunayan at gaya ng nabanggit sa itaas, walang programa ang Katipunan sa rebolusyong agraryo, mga patakarang panlabas, bisyon sa ekonomiya't pulitika, porma ng pamahalaan pagkatapos maipagwagi ang rebolusyon at ang inklusyon ng iba't ibang uri, sektor at mga saray sa lipunan matapos maipagtagumpay ang himagsikan.

Sa larangang militar, bagama't batid natin na walang makauring kamulatan *(class consciousness)* si Bonifacio gaya ni Lenin at Mao at kailanman hindi maaasahan sa kanya ang pagbubuo niya ng Partidong proletaryado at mga permanenteng sandahang pulahan sa hulma ng Bolshebismo ni Lenin at Matagalang Digmaang Bayan ni Mao—hindi na-transporma ni Bonifacio bilang pangunahing pinunong militar ng rebolusyon, ang organisasyon ng Katipunan patungo sa mga pormasyong panagupang militar sa mga digmang atrisyon at anihilasyon. Kapos sa mga taktikal na konsiderasyon ang Katipunan kaugnay sa mga pag-atake, pagkubkob at pag-atras at maging sa estratehikong linyang militar kung paano maipagtatagumpay ang rebolusyon na humantong na sa isang lantay na sitwasyong militar *(pure military situation),* matapos ang "Sigaw sa Balintawak". Naipagtagumpay ang mga usaping ito nina Washington sa Hilagang Amerika, Bolivar sa Latino Amerika, Sun Yat-sen at Mao sa Tsina at maging nina Sukarno at Hatta sa Rebolusyong Indones. Kahanga-hanga lalo sa *punto de vista* ng politiko-militar ang espektakular na digmang anti-kolonyal ni Ho at Giap sa lumang Indotsino laban sa mga Pranses at mga Amerikano sa kalaunan. Ipinakikita sa mga digmang mapagpalayang ito ang mga aral at kahalagahan ng mga kwestong militar kapwa sa antas estratehiko at taktikal sa pagsusulong ng mga rebolusyong anti-kolonyal at mapagpalaya.

Dito nasukol si Bonifacio. Sinamantala ng mga tirano at despotikong haciendero't ilustrado na kinakatawan ng berdugong kabal ni Aguinaldo na agawin ang liderato ng himagsikan, ibenta ang Rebolusyon sa "*Pact of Biak-na-Bato",* at mangunyapit sa paparating na mga bagong kapitalista sa porma ng imperyalistang Amerikano. Malinaw pa sa sikat ng araw ang kontra-rebolusyong dahas ng pusakal na paksyon ni Aguinaldo. Planado, kalkulado, patraydor at mapangahas ang naging pag-uusig at pagpaslang kay Bonifacio ayon kay Borromeo-Buehler (2017). Dangan nga lamang, kung napagtuunan ni Bonifacio at ng Katipunan ang mga usapin sa kwestyong militar *(military questions)* ng rebolusyon, ay maaaring hindi siya nasukol sa Kabite at nagpatuloy ang rebolusyonaryong digma hanggang sa tagumpay.

Hindi nakakapagtaka, samakatuwid, na matapos masukol at mautas si Bonifacio, ang mga nagsilbing mga heneral na nagdirehe ng himagsikan sa mga lalawigan ay ang mga lantay na haciendero rin tulad ng mga Tinio sa Nueva Ecija, Malvar sa Batangas, Lacson sa Negros, Alejandrino sa Pampanga, Alino sa Cebu, Aquino sa Pampanga, Aranas sa Camiguin, Araneta sa Negros, Artacho sa Ilocos Sur, Avancena sa Iloilo, Bautista sa Marikina, Cailles sa Laguna, Capili sa Ormoc, Climaco sa Cebu, Contreras sa Bulacan, Del Rosario sa Marinduque, Diaz sa Ilocos Norte, Diokno sa Batangas, Flores sa Bohol, Guevarra sa Samar, Katigbak sa Batangas, Lukban sa Camarines Norte, Maxillom sa Cebu, Mojica sa Malabon, Natividad sa Nueva Ecija, Ola sa Albay, Ortiz sa Pangasinan, Pacheco sa Bulacan, Poblador sa Iloilo, Rizal sa Laguna, Samson sa Kalookan, Sandico sa Pandacan, Tecson sa Bulacan, Teves sa Negros Oriental, Tirona at Topacio sa Cavite, Valenzuela sa Polo, Bulacan, Valmoria sa Bohol, Villegas sa Negros, at marami pang ibang lantay na mga haciendero (Wikipedia, n.d.).

Sa pagluklok ni Aguinaldo sa mga hacienderong ito bilang mga heneral ng himagsikan, nalubos na ang pag-agaw ng uri nila sa Katipunan, rebolusyon at sa espontayong masa. Malaking kabalintunaan na sila ang mga kasapakat noon ng mga Espanyol bilang mga enkomiendero't haciendero, sila na ngayon ang mga pinuno ng rebolusyon na magdidirehe sa tradiyektorya ng bayan. Makikita sa kalaunan, at sa ilalim ng pamumuno ni Aguinaldo matapos magpakasarap sa Hongkong sa pamamagitan ng paglustay sa pinagbentahan ng rebolusyon— ang mga hacienderong ito ay yuyuko at makikipagsabwatan sa mga bagong kolonisador sa mukha ng imperyalistang Estados Unidos.

**Ang makauring batayan at ang 1897 kontra-rebolusyon sa Kabite ni Aguinaldo at mga "Inquilino"**

Paano humantong sa ganap na kontra-rebolusyon ang sabwatan ng mga Magdalo at Magdiwang sa Kabite? Si Borromeo-Buehler (1985) ang may pinakamalalim na pag-aaral sa mga uri sa Kabite sa panahon ng himagsikan. Sinuportahan niya si Scalice kaugnay sa pagsulpot ng panggitnang uri at mga burges-haciendero sa Kabite, na tinagurian niyang mga "Inquilino". Ito ay mga indibidwal at mga pamilya na umuupa ng lupa sa mga prayle at kolonyal na burukrasya upang paupahan (subleasing) naman nila sa mga pesante. Bunga ng kasaganaan sa rekurso, sila rin ay naging mga ispekulador sa lupa at mga taga-pangalakal (*traders*), na may malalim na paninilbihan sa burukrasyang kolonyal bilang mga *gobernador ciellos* at *Alcade Mayor.* Kasama sa mga pinakapamosong Inquilino ang mga pamilyang "Aguinaldo, Tirona at Encarnacion sa Kawit; mga Virata, Ylano, Monzon, at Topacio sa Imus; mga Cuenca, Miranda, Pagtachan, Cueva, at Narvaez sa Bacoor; mga Poblite, Bustamante at Yubiengcos sa Naic, at marami pang iba" (Borromeo-Buehler, 1985, p. 50).

Ayon pa kay Borromeo-Buehler, dahil magkahawig ang kanilang mga makauring interes sa pag-aari sa lupa, mga negosyo at partisipasyon sa kolonyal na pamahalaan, malapot ang kanilang pagkakaisa bilang umuusbong na burgesya.

> *"This group interacted with one another in ways distinct from their interactions with other social classes. They maintained close associations, demonstrated mutual understanding, collaborated readily, and established boundaries to protect their collective interests,"* ani Borromeo-Buehler (1985, p. 49).

Naidagdag pa niya, *"They look out into the same segment of the world, with the same eyes, from the same viewpoint, in the same direction."*

Kahit pa kaparehong nasa panggitnang uri (mababang saray) sina Bonifacio, Jacinto at ang kwerpo ng pamunuan ng Katipunan na nakabase sa Kalakhang Maynila, kakaiba ang

mga interes at motibasyon ng mga haciendero't burgesya sa Kabite. Ito ay mga nakaangkla sa pagmimintina nila ng burukratang kapangyarihan at preserbasyon ng mga negosyo't pag-aaring lupain. Sa kabilang banda, may pag-iimbot din silang patalsikin ang mga tiranong prayle upang masolo nila ang monopolyo sa lupa at maiangat sila mula sa mga pambayan at panlalawigang burukratang kapangyarihan patungo sa pambansang pamahalaan. Ito ang dahilan kung bakit hindi lantay *(ambivalent)* ang pagtingin at pagtrato ng mga haciendero't burgesya sa Kabite kaugnay sa himagsikan at kay Bonifacio.

Bunga marahil sa pagkilala ng buong bayan sa Katipunan at kay Bonifacio bilang supremo ng himagsikan, nag-alala ang mga Inquilino sa kahihinatnan ng kanilang mga ari-arian, negosyo't katayuan sa burukratang pamahalaang kolonyal. Ayon kina Ricarte (1992) at Richardson (2013), inimbita ni Heneral Mariano "Mainam" Alvarez si Bonifacio papuntang Kabite sa tatlong magkakahiwalay na pagkakataon noong Setyembre at Nobyembre 1896. Sa panahong ito, abala si Bonifacio sa pangunguna sa mga pagsalakay ng mga portipikasyon ng mga Espanyol at *"pulviron"* sa San Juan, Marikina at Morong, habang estratehikong target ang Maynila. Ganunpaman, sumipot si Bonifacio sa Kabite noong Disyembre 1896 kasama ang mga sandatahatang lalaki ng Balara upang pagkasunduin ang mga magkakaribal na paksyon ng Katipunan sa Kabite – ang Magdiwang sa pamumuno ni Alvarez at ang Magdalo sa pamumuno ni Baldomero at Emilio Aguinaldo.

Ayon kina Alvarez (1992) at Ricarte (1992), bago pa man sumiklab sa Balintawak ang himagsikan, ang paksyong Magdalo sa Kabite ay sumalungat na sa estratehikong plano ni Bonifacio ng pagsalakay sa Maynila. Kinumpirma ito Borromeo-Buehler (2017) na nagsabing,

> *"Nevertheless, when it broke out on 26 August 1896, and Andres Bonifacio organized a concerted attack on Manila (Intramuros), the Katipuneros of Cavite agreed to participate but reneged on their promise. All the jefes henerales (commanding generals) appointed by Bonifacio to lead the Katipunan armies in various towns and provinces near Manila showed up except for the Caviteno, Vicente Fernandez, who had volunteered to lead the Katipuneros from Morong and Laguna. This angered Bonifacio, who apparently saw it as an effort to sabotage the Katipunan plans."*

Dahil dito, ipinagpaliban pansamantala ang plano ng pagkubkob sa Intramuros. Sa Kabite, nasumpungan ni Bonifacio si Fernandez, kinumpronta, pinagalitan at inutos ang pag-aresto sa kanya. Kinontra ang kautusang ito ng Supremo ni Aguinaldo at ng paksyong Magdalo (Alvarez, 1992; Ricarte, 1992). Para kay Borromeo Buehler (2017), ito ay hindi lamang insubordinasyon, kundi direktang paghamon kay Bonifacio at sa pamunuan ng Katipunan. Naidagdag pa diumano ni Aguinaldo na "*biglang sumipot sa Cavite,*" si Bonifacio,

habang nananagumpay ang himagsikan doon sa Kabite ngunit napagtatalo naman ang rebolusyonaryong digma sa Manila, Kalookan, at Morong. Matapos nito, nagpakalat pa di-umano ang paksyong Magdalo ng mga *“poisoned letters”* at manipesto laban kay Bonifacio na nag-aakusa sa kanya bilang pipitsuging lider-militar na humahamon sa katayuan ni Bonifacio bilang lehitimong lider ng Rebolusyon at Supremo ng Katipunan. Maaaring tandaan na ang *sentro de grabedad* ng mga labanan ay wala sa Kabite, bagkus ay nasa Kalakhang Maynila matapos sumiklab ang himagsikan. Samakatuwid, nasa sentro ng sigwang kontra-rebolusyon at mga ataking militar si Bonifacio, habang maluwag sa Kabite. Marahil ito ang dahilan kung bakit mabilis na napalaya ang Kabite habang hindi lubos ang mga tagumpay ng mga Katipunero sa kalakhang Maynila.

Bago ang pamosong Kumbensyong Tejeros, nagmungkahi si Edilberto Evangelista mula sa paksyong Magdalo ng isang pagpupulong sa Imus, na may layuning pagkaisahin ang Magdiwang at Magdalo upang magtayo ng rebolusyonaryong gobyerno sa buong kapuluan sa harap ng inaasahang mga kontra-rebolusyong pagsalakay ng mga Espanyol. Pinuna ito ni Ricarte (1992) bilang direktang paghamon sa pamunuan ni Bonifacio at sa Katipunan na may sariling Konstitusyon at may direktang pamunuan sa buong bansa na naglulunsad ng isang pambansang himagsikan. Sa kabila ng pagtutol ni Ricarte sa panukala ni Evangelista, napagkasunduan sa pulong sa Imus ang pagtatayo ng isang konseho ng digma sa pamumuno ni Bonifacio bilang pinunong militar ng rebolusyon.

Matapos ang mga pagkatalo sa digma ng paksyong Magdalo sa Kabite lalo na sa mga labanang militar sa Salitran, Zapote, Dalahikan, Molino, at Presa (Alvarez, 1992), ipinatawag ni Bonifacio ang Kumbensyong Tejeros upang pag-usapan di-umano ang tumpak na istratehiya laban sa kontra-opensiba ng mga Espanyol sa lalawigan. Ngunit ikinagimbal ng lahat ang panukala ni Severino de las Alas, isang dating Magdiwang na bumaliktad upang maging Magdalo. Walang pag-aalinlangan sa lehitimong katatayuan ng Katipunan, ipinagpilitan niya ang pagdaraos ng isang eleksyong maghahalal ng pamunuan ng isang rebolusyonaryong gobyerno. Sinusugan pa ito ni Antonio Montenegro, isang Kabitenyong manananggol na nakabase sa Maynila. Taliwas sa popular na kaalaman, may mga delegado rin ang ibang probinsya sa Tejeros at tinataya na aabot sa humigit-kumulang 1,000 ang mga dumalo sa kumbensyon, subalit ang kalakhang bahagi nito ay mga Kabitenyo. Iniuulat nina Alvarez (1992) at Ricarte (1992) na, mula sa una, kagyat na nakompromiso ang halalan. Ayon sa kanila, may mga nakahanda nang balota *(prepared ballots)* na nakasulat na ang pangalan ni Aguinaldo bilang tagapangulo.

Gaya ng inaasahan, nahalal sa maruming botohan si Aguinaldo bilang tagapangulo, si Mariano Trias Cloas bilang pangalawang tagapangulo, si Artemio Ricarte bilang kapitan-heneral ng sandatahang lakas na sa kalauna’y hindi niya tinanggap at si Bonifacio bilang

kalihim ng kagawarang interyor. Agarang tumayo si Daniel Tirona, isang Kabitenyo, upang iprotesta ang pagkakahalal ni Bonifacio sa batayang hindi siya abogado. Nagliparan ang mga akusasyon at kontra-akusasyon at gumuho ang kumbensyon sa kaguluhan kasabay ng pag-aalsa-balutan *(walkout)* ng maraming delegado. May mga manipesto at sulatin na naikalat sa kumbensyon bilang protesta sa malawakang dayaan at manipulasyon. Dahil dito, naobligang iproklama ni Bonifacio ang pagkawalang-bisa *(null and void)* ng kumbensyon at buong katitikan nito. Sa kabila nito, nanatili pa nang matagal si Baldomero Aguinaldo sa kumbensyon upang kumbinsihin ang mga natitirang delegado na may bisa ang halalan at mga katitikan sa Tejeros.

Ayon kina Canseco (1999), Alvarez (1992), at Ricarte (1992), matapos ang Tejeros Convention, agarang nagpatawag si Aguinaldo noong 21-22 ng Abril 1897 ng pagpupulong sa *Naik Estate House* upang itanghal, ratipikahan ang mga katitikan at mga nahalal sa Tejeros. Sa kabila ng pagpapawalang-bisa nito ni Bonifacio, ayon kay Borromeo-Buehler (2017), itinanghal ng pulong ang pagkakatatag ng *"Philippine Republic Government"* at mga opisyales nito. Maliban sa mga Magdalo, dinaluhan din ang pulong sa Naik ng ilang mga Magdiwang tulad nila Santiago Alvarez, Ariston Villanueva, Diego Mojica, Artemio Ricarte, at Pascual Alvarez. Sa kanyang *"Memoirs",* itinanggi ni Alvarez (1992) ang kanyang pagdalo; inamin naman ni Ricarte (1992) ang kanyang pagdalo, ngunit idiniin na tinanggihan niya ang pagkakahalal bilang pinuno ng sandatahang lakas ng bagong republika. Sa pulong na ito, nanumpa si Aguinaldo bilang bagong tagapangulo ng republika.

Matapos ang pulong sa Naik, iniulat ni Alvarez (1992) na ang mga konspirador sa pamumuno ni Aguinaldo ay muling nagpulong sa bahay ni Aling Tinang na nasa pagitan ng Naik at Indang. Ang adyenda ay kung paano patatahimiking tuluyan si Bonifacio. Naisakatuparan ang buktot na plano laban sa supremo sa isang marahas na pag-atake sa grupo ni Bonifacio sa Limbon ani ni Borromeo-Buehler (2017) na nagresulta sa pagkakapatay kay Procopio Bonifacio, pagkasugat kay Andres at pagkabihag nito sa salang pagtataksil laban sa isang *"duly constituted government of the Republic of the Philippines"*.

Nagsimula ang paglilitis kay Bonifacio sa hukumang kangaroo noong 29 ng Abril 1897 sa Naik at inilipat ito sa Maragondon hanggang sa 5 Mayo 1897. Iniulat ito ni Borromeo-Buehler (2017) mula sa mga primaryang batis na nakalap nina Teodoro Kalaw, Guillermo Masangkay, John R.M. Taylor, Carlos Quirino, Virginia Palma-Bonifacio, at maging sina Alvarez at Ricarte. Nakasentro ang akusasyong sedisyon kay Bonifacio sa isang *"Naik Military Agreement,"* na di-umano ipinatawag ni Bonifacio matapos ang Kumbensyong Tejeros upang labanan ang lehitimong gobyernong halal sa Tejeros. Kinuwestyon ito ni Borromeo-Buehler (2017) na hindi totoo ang *"Naik Military Agreement"* na sa kanyang sapantaha ay inimbento lamang dahil wala ito sa mga primaryang batis na nakalap ng mga nabanggit na mga pangalan sa itaas. Para kay Borroeo-Buehler, malamang inimbento lamang ito ni Aguinaldo sa kanyang mga "Gunita

ng Himagsikan" na naipalimbag matapos mamatay sina Alvarez at Ricarte kung kailan wala na silang kakayanang pabulaanan pa ito. Sa kanyang mga "Gunita.." pinababa pa di-umano ni Aguinaldo ang hatol kay Bonifacio mula sa kamatayan papuntang disteryo, subalit ito ay tinutulan ng ibang mga opisyal ng gobyerno.

Ang mga di-umanong sulat ni Bonifacio kay Jacinto at ang mga "Gunita.." ni Aguinaldo ang naging batayan ng popular na kaalaman kaugnay sa *"Naik Military Agreement"* na ibinando ni Epifanio delos Santos at Teodoro Agoncillo. Subalit sa pagtaya ni Borromeo-Buehler (2017) hindi totoo ito at tanging imbensyon ni Aguinaldo na maging ang pamosong historyador na si Glean May ay pinabulaanan ito. Samakatuwid, imbento at walang batayan ang paglilitis at pagsakdal kay Bonifacio sa Korte ni Heneral Noriel batay sa akusasyong sedisyon at lubhang inosente si Bonifacio sa mga paratang. Mula sa mga primaryang batis, malinaw na itinanggi ni Bonifacio ang mga akusasyon ng sedisyon laban sa bagong itinatag na pamahalaan. Paano maisasakatuparan ang sedisyon kung hindi niya alam ang pag-iral ng bagong pamahalaan dahil palihim na nanumpa si Aguinaldo at ang mga kasapakat niya sa Naik sa kabila ng pagpapawalang-bisa ng mga katitikan sa Tejeros. Sa kabila nito, pinatawan pa rin ng kamatayang hatol si Bonifacio ng korte ni Noriel. Nawalang boses ang ilang kagawad ng paksyong Magdiwang sa harap ng pananakot ni Aguinaldo, pagbibigay ng mga komisyong militar sa rebolusyon at paghihiram ng maraming armas sa Magdiwang na hindi na naisauli.

Malinaw na kontra-rebolusyon ang naganap sa Kabite. Sa libro ni De Guzman (2007) na may pamagat *"The evil that men do: the crimes of Rizal & Aguinaldo, the treason of the intellectuals & the Philippine culture of corruption: a sociological, historical and philosophical investigation,"* ipinakita niya ang kontra-rebolusyon ni Aguinaldo na humantong sa pagbebenta ng rebolusyon sa halagang 800,000 *Mexican dollars* sa pamamagitan ng *"Pact of Biak-na-Bato."* Malinaw sa mga argumento ni De Guzman ang sabwatan ng ilang elemento ng Magdalo at Magdiwang upang igupo si Bonifacio at distrungkahin ang organisasyon ng Katipunan upang makupo ang mga Inquilino sa Kabite sa pamunuan ng rebolusyon. Matutunghayan rin ito sa pananaw ni Borromeo-Buehler (2017, p.8) na nagsabing,

> *They interacted with one another in ways distinct from their interactions with other social classes. They maintained close associations, demonstrated mutual understanding, collaborated readily, and established boundaries to protect their collective interests. They look out into the same segment of the world, with the same eyes, from the same viewpoint, in the same direction.*

Dahil hindi taal na Kabitenyo si Bonifacio at kilalang *"plebian"* bago ang mga pagbubunyag ni Richardson na siya ay kabilang sa mababang saray ng peti-burgesya sa Kalunsuran, siya ay naging biktima ng sabwatan ng mga uring inquilino-haciendero sa Kabite. Sa wika ni Constantino (2025), si Bonifacio ay biktima ng "Cavitesismo" at sa lengguwahe ni Mabini (1898) sa kanyang *La Revolución Filipina,* malakas ang tendensya ng mga *elite* sa

Kabite na itanghal ang kanilang pansariling interes taliwas sa interes ng buong sambayanan. Ganito ang kanyang tinuran, "*Los jefes de Cavite querían conservar su influencia sobre el gobierno revolucionario...*" (*The chiefs of Cavite wished to preserve their influence over the revolutionary government...).*

Dahil sa mga materyal at historikal na batayang nabanggit sa itaas, hindi maiiwasan ang tunggalian ni Bonifacio at mga inquilino sa Kabite. Malinaw ang adyenda nila sa Kabite: preserbasyon ng kanilang mga ari-arian sa lupa, negosyo, imbing kalagayan sa burukrasya at kontrol sa pulitika (May, 2007). Ito marahil ang sinasabi ni Constantino sa kanyang *"Cavitesismo"*, pero malinaw ang mga ebidensya para sa isang orkestrado, planado at imbing kontra-rebolusyong atake ng mga Kabitenyo laban kay Bonifacio at Katipunan:

1. Ang pagtanggi ng paksyong Magdalo na atakehin ang Maynila at pagtataksil ni Fernandez sa napagkaisahang plano, kasama na ang pagtanggi ng Magdalo at ni Aguinaldo na arestuhin si Fernandez sa utos ni Bonifacio.
2. Ang sirkulasyon ng mga manipesto at mga sulatin sa Kabite na nagpakalat ng mga intriga laban kay Bonifacio bilang pipitsuging lider-militar, kagawad ng Masonireya, ateista at ahente ng imperyong Britanya.
3. Ang planado at orkestradong dayaan sa Kumbensyong Tejeros at ang pag-alipusta ni Daniel Tirona kay Bonifacio bilang hindi kwalipikadong halal na kalihim ng Kagawaran ng Interyor.
4. Ang lihim na panunumpa ni Aguinado at ibang pang "halal" sa Tejeros sa kabila ng *"walkout"* ng mayoryang delegado at pagpapawalang-bisa ni Bonifacio sa mga katitikan ng kumbensyon. Ito ay lansakang usurpasyon ng kapangyarihan ng lehitimong Katipunan at ni Bonifacio bilang supremo ng himagsikan.
5. Ang bintang kay Bonifacio na *"Naik Military Agreement"* bilang imbensyon ng mga Magdalo-Magdiwang paksyon at batayan ng kanyang pagsasakdal sa korteng Noriel.
6. Ang patraydor na pag-aresto kay Andres at pagpatay kay Procopio Bonifacio.
7. Ang pagdis-arma sa mga sandatahang Balara at ilang elemento ng Magdiwang na tapat kay Bonifacio sa pamamagitan ng panghihiram di-umano sa mga armas nila na hindi na isinauli ng kampong Magdalo.
8. Ang pagbebenta ng rebolusyon sa halagang 800,000 *Mexican pesos* sa Biak-na-Bato at kanyang panawagan sa mga rebolusyonaryong Pilipino para sa sesasyon ng mga hostilidad laban sa Espanya, bago tumulak pa Hongkong si Aguinaldo.

Kung susumahin ang lahat ng nasa itaas, planado at orkestrado ang balak ni Aguinaldo na dis-armahan ang Katipunan at Rebolusyon at isuko ito sa mga Espanyol upang magkamit ng mga konsesyon at ganansya. Sa katunayan, ang mga primaryong batis ay nagkakaisa

sa imbing planong paslangin si Bonifacio, dis-armahan ang rebolusyon at isuko ito sa mga Espanyol, ang mga dating at matagal nang amo ng mga Inquilinong Kabitenyo.

## Ang kriminal na digmang agresyon ng Estados Unidos at ang pakikipagsabwatan ng mga Haciendero't kumprador

Sa pagsikad ng kapitalismo sa Estados Unidos (nahuli nang kaunti kaysa sa Europa) at pagdausdos ng kapangyarihang kolonyal ng Espanya, sinalakay nito ang Pilipinas sa pamamagitan ng isang kriminal na digmang agresyon. Plano nitong gawing huthutan ang bagong tatag na republika ng mga hilaw na materyales, tapunan ng imperyalistang produktong sarplas at bukal ng murang lakas paggawa. Malinaw na hinimay ito ni San Juan (2016). Sa digmang agresyong ito, halos isang milyon ng mga mamamayan ng bagong Republika ni Aguinaldo ang napuksa sa digmaan. Kinitil ng imperyalistang US ang buhay ng batang republika sa isang digmang inpantisidyo at hinosidyo *(infanticide and genocide)*.

Sa gitna ng digma, tuluyan nang nabiyak ang kabinete ni Aguinaldo. Ang iba ay lantarang pumaling sa bagong mga mananakop tulad nina Paterno at Buencamino, samantalang ang radikal na saray nito na kinatawan ni Heneral Luna ay nagpursigi sa digmang anti-agresyon upang ipagtanggol ang bagong republika ng mga burges. Ngunit nagapi rin ang radikal na saray sa kabinete. Pinaslang si Luna ng mga berdugo ni Aguinaldo, pinatalsik si Mabini sa kabinete at nanumpa si Aguinaldo sa mga Amerikano. Ang sumunod ay ang walang katapusang pakikipagsabwatan ng mga haciendero't kumprador hanggang sa kasalukuyan. Mababatid na dahil ang uring ito ay ang mga may-ari ng malalaking lupain sa bayan, sila ang higit na nagkakamal mula sa eksportasyon ng mga hilaw na materyales papuntang Amerika, Europa at iba pa. Sila rin ang nakikinabang sa pampinasyal na importasyon ng mga sarplas na produkto mula sa internasyonal na pamilihan sa kadahilanang sila ang mga kumprador at mga pasilitador ng importasyon. Higit pa, kasosyo sila sa mga negosyo ng mga dayuhan sa loob ng bayan. Natransporma ang uring haciendero't ilustrado bilang uring haciendero't kumprador-burges sa ganitong kalagayan ani Sison (1970).

Naghahari-harian bilang mga pamilyang dinastiya ang mga haciendero't kumprador-burges sa kani-kanilang mga lalawigan hanggang sa kasalukuyang panahon at nagbubuo ng mga partido pulitikal sa mga eleksyon upang ipresenta sa bayan ang mga sarili at kapamilya nila bilang mga kandidato sa mga demokratikong eleksyon kuno. Walang mapagpipilian ang masang anakpawis sa ganitong sitwasyon kundi ang isa, dalawa o tatlong pamilya lamang para sa mga lokal at pambansang posisyon tuwing may eleksyon. Kasabwat ng mga Amerikano, minamanipula ng uring ito ang estado poder, at mga negosyo ng bayan habang pinatatakbo ang gobyerno na parang personal na negosyo mismo (Sison 1970; McCoy 1994). Maaaring

akma ang diskripsiyon ni San Juan (2016) na ang bayan ay nasasadlak sa kaayusang mala-kolonyal at mala-pyudal.

**Kongklusyon: Ang tungalian ng mga uri bilang motibong puwersa ng kasaysayan**

Lumang burges na pambansang-demokratiko ang rebolusyon ni Bonifacio. Pambansa dahil nilayon nitong palayain ang bayan sa kamay ng mga mananakop at magtayo ng isang estadong burges-kapitalista. Demokratiko dahil palalayain sana ang bayan sa kamay ng despotiko at obskurantistang simbahan at tiranong kolonyal na estado.

Malaking haka-haka pa na kung sakaling hindi naagaw ang rebolusyon kay Bonifacio ay kung ano ang maaaring hantungan nito? Una, maaaring maitayo ni Bonifacio ang isang estadong burges na sa kalauna'y maaari ring gapiin ng imperyalistang US. Ikalawa, puwedeng magtuloy-tuloy ang mga labanan at makapagtayo si Bonifacio ng isang gobyernong koalisyon katulad ng hinantungan ng Indonesia kung saan nakapamahala ang mga komunista, militar at kapatiran ng mga Muslim sa isang gobyernong koalisyon sa pamumuno ni Sukarno. Ikatlo, maaaring maimpluwensyahan si Bonifacio at ang mga opisyal niya ng mga ideyang sosyalista-Marxista na dadalhin sa di-kalaunan sa Pilipinas ni Isabelo de los Reyes at ang direksyon ng rebolusyon ay puwedeng pumaling pakaliwa katulad ng naging karanasan ng Tsina at Lumang Indotsina. Ngunit mga posibilidad lamang ang mga ito. Ang mga kondisyon ng mga uri, interes at tunggalian ng mga ito ang nakapamayani sa trahektora ng rebolusyon. Ginapi ang maliit na burgesya ng mas malaking burgesya at isinuko ang rebolusyon sa imperyalistang Amerikano.

Pinatunayan ni Marx at Engels (1848) sa pamamagitan ng teoryang materyalismo istoriko at sa Communist Manifesto na ang transisyon mula pyudalismo patungong kapitalismo ay pamumunuan ng burgesyang uri, ang rebolusyonaryong uri sa bahaging ito ng kasaysayan. Kabilang sa maliit na burgesyang saray si Bonifacio at ang mga kasama niyang nagtatag ng Katipunan. Sa pagpasok ng kapitalismo sa bansa at sa eksportasyon ng mga hilaw na materyales sa Europa, unti-unting na-transporma ang mga haciendero't ilustrado bilang mga lumilitaw na burgesya sa arkipelago. Gayunpaman, mas makapangyarihan sila kaysa sa mga maliliit na burgesya na nagmula sa mga kawani ng mga impresang kapitalista at mga empleyado ng kolonyal na burukrasya. Una, sila ay mga nakaluklok sa burukrasyang pambayan at panglalawigan ng kolonyalistang estado, at samakatuwid ay kinikilang mga lantay na lider elitista ng bayan. Ikalawa, sila ang may hawak ng mga malalaking lupain sa Pilipinas at ibang pang propyedad bilang mga kasapakat ng gobyernong kolonyal. Ikatlo, ibayong malawak at malalim ang kanilang impluwensya sa burukrasya, negosyo at mamamayan sa pamamagitan ng kliyentilismo at pyudal na paghahari-harian. Ikaapat, mas madali ang kanilang pagkakaisa dahil komon ang interes ng uri: pagpapanatili ng monopolyo sa mga lupain, pagkakamal

ng higit na mas malaking yaman sa pagsosyo sa mga negosyo ng mga Amerikano at ang posibilidad na maging katuwang ng mga Amerikano sa bagong kolonyalistang paghahari.

Sa Marxistang sipat at sa tunggalian ng mga burgesya mismo (paksyon ni Bonifacio laban sa paksyong Aguinaldo) sa loob ng Katipunan, makakapamayani ang mga lumilitaw na burgesya mula sa mga makapangyarihang panginoong maylupa. Nalubos ang transpormasyon ng mga haciendero't ilustrado bilang dalawang mukhang uri (haciendero't kumprador-Burges) sa pagpasok ng mga Amerikano. Sila ang mga naging kasapakat ng imperyalismo bilang eksporter ng hilaw na materyales at mga tagapagpadaloy ng importasyon ng mga sarplas na produkto ng mga Amerikano't Hapon. Haciendero't burgesya kumprador sila kung tutuusin, sa saligan.

Sa klasikong pagtalakay sa papel ng burgesya sa kasaysayan, ganito ang sinabi nina Marx at Engels (1848),

> *The bourgeoisie, historically, has played a most revolutionary part...It compels all nations, on pain of extinction, to adopt the bourgeois mode of production; it compels them to introduce what it calls civilization into their midst, that is, to become bourgeois themselves. In a word, it creates a world after its own image (par. 19).*

Ito ang ginawa nina Aguinaldo at ng mga lumitaw na burgesya sa bayan kasama ang internasyonal na burgesya ng monopolyo kapital. Nasaan si Bonifacio at ang Katipunan sa lahat ng ito? Bilang mas mahinang kawing ng burgesya, dinaig sila ng mga panginoong maylupa na lumilitaw bilang mga lokal na burgesya sa mga probinsya. Pinaslang si Bonifacio sa inter-burgesyang tunggalian ng mga uri at ibinaon siya sa kasaysayan na mismong ang mga burgesya at mga basalyos nila ang sumulat. Ito ang ugat ng mga panglalait ng kasaluyang burgesya kay Bonifacio na tinutuligsa ni Guerrero at San Juan. Trahedya na hindi nabasa ni Bonifacio sa maagang panahon si Marx tulad ng pagbasa ni Sun, Ho, Giap, Mao at Lenin. Matatandaang ang mga nabanggit ay nanggaling din sa saray ng maliit na burgesya tulad nina Bonifacio at Jacinto.

Malupit sa bayan ang mga uring haciendero't burgesya. Katunayan, sa ikalawang bahagi ng Rebolusyong 1896 bago sumiklab at sa pagsiklab na mismo ng giyerang Pilipino-Amerikano, ipinamalas kaagad ng mga burges at mga hacienderong nasa liderato ng batang Republika ang kalapastanganan nila sa masang anakpawis. Binuwisan nang todo ang mga magsasaka upang pondohan ang digmaan. Kinamkam ang mga malawakang lupain sa panibagong rehistrasyon nito. Sapilitang pinagsilbi ang mga pesante sa tropang militar at naiwang nakatiwangwang ang mga lupain na nagdulot ng malawakang kagutuman ng bayan. Inorganisa ang mga lokal na pamahalaan na tanging mayayaman lamang ang may karapatang bumoto sa mga halalan. Laganap din ang pang-aabuso ng mga lokal na opisyales, panggagahasa at pangkalahatang pag-e-etsapwera sa masang anakpawis (Guerrero, 2017).

Dagdag pa niya, ito ay nagbubunsod ng sunod-sunod na mga pag-aalsa na may katangiang digmaan ng uri *(class war)* ng mga magsasaka laban sa umusbong na burgesya sa pamahalaan ni Aguinaldo. Nariyan ang mga pag-aalsa ng Sta. Iglesia, Guardia de Honor, Colurum, Macario Sakay at marami pang iba na nagdulot ng matinding mga sigalo't ligalig sa iba't ibang bahagi ng bayan.

Hindi nasapol ni Bonifacio ang batas ng kasaysayan (at hindi natin siya masisisi doon dahil hindi pa lumilitaw sa Pilipinas ang Marxismo sa panahon niya) kaugnay sa tunggalian ng mga uri at dahil dito, hindi niya naunawaan ang kataksilan ng mataas na saray ng uring burgesya. Nasa mababang saray ng burgesya si Bonifacio at siya'y pinuksa ng mas nakakataas na saray upang, sa lenggwahe nina Marx at Engels, ihulma ang mundo ayon sa wangis nila.

Marapat balikan ng bawat isa ang batas ng kasaysayan: ang kasaysayan ay kasaysayan ng tunggalian ng mga uri, ani Marx at Engels. Malinaw na nasapol ito ni Ho, Giap, Sun, Mao, Lenin at dahil dito, napagtagumpayan nila ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya laban sa mga digmang agresyon ng kolonyalismo at imperyalismo. Kinapos si Bonifacio sa dulo. Nakapamayani ang mga umuusbong na burgesya mula sa mga panginoong maylupa, kasabwat ang burgesyang internasyonal ng imperyalismo.

Sa pagsusuma, ang Rebolusyong 1896 ay malinaw na rebolusyong burges-demokratiko na inorganisa ng radikal na saray ng maliit na burgesya at sa kalauna'y inagaw ang pamunuan ng mga haciendero't kumprador-burges. Bagama't bigong rebolusyon, ito ay bahagi ng malawakang mga pag-aalsa laban sa pyudal na pagsasamantala, absolutismo ng mga hari, obskurantismo ng Simbahang Katoliko at malupit na mga pananakop ng kolonyalismo. Sa pagsibol ng kapitalismo at modernismo, lumagablab ang mga rebolusyong ito sa Europa, Amerika at maging sa Asya sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo hanggang sa kahating bahagi ng ika-20 na daantaon. Sa pamumuno ng mga burgesya, nilusaw ng mga rebolusyong ito ang lumang pyudal na kaayusan sa daigdig at itinanghal ang kapitalismo bilang naghaharing sistema ng kabihasnan.

Sa pagpasok ng maagang at kalagitnaang bahagi ng ika-20 na daantaon, nagbago ang kumpleksyon ng mga rebolusyong mapagpalaya laban sa kolonyalismo at pyudalismo. Ang mga rebolusyong Ruso, Vietnamese, Indones, Kubano at iba pa ay naarmasahan na ng teoryang Marxismo-Leninismo at pinamunuan ito ng uring proletaryado sa pamamagitan ng kanilang mga Partido Komunista. Ang tunguhin ng mga rebolusyong ito ay ang pagwawaksi sa mga tirang labi ng pyudalismo, pagdurong sa kapitalismo at pagtatayo ng mga sosyalistang estado.

Sa Pilipinas, matapos ang bigong Rebolusyong 1896 at sa likod ng tuloy-tuloy na protesta at malawakang paglaban ng mga mamamayan, naitayo ang dalawang Partido

Komunista noong 1930 at 1968 na naglunsad ng mga digmang mapagpalaya at malawakang kilusang protesta. Subalit hindi pa tuluyang namumulat ang uring proletaryadong Pilipino matapos ang 128 taon mula nang paslangin si Bonifacio at likidahin ang lumang pambansang demokratikong rebolusyon. Bigo ang rebolusyong pinamunuan ng PKP, 1930 hanggang 1970s at marhinalisado *(marginalized)* ang kasaluyang rebolusyon dala ng mga kumplikadong usapin sa estratehiya at taktika at sa higit na sopistikadong kapasidad sa digma ng burgesya at imperyalista na ibinunsod ng ibayong pag-unlad ng teknolohiya.

Sa pagwawakas, may ideolohiya nga ba ang Katipunan ni Bonifacio at Rebolusyong 1896? Sa pagkakatatag ng Katipunan, malinaw na mayroon nito, subalit kapos, mabuway at hindi sapat. Ito ang dahilan kung bakit naagaw ng mas sopistikadong mga kriminal at tusong kabal ni Aguinaldo ang pamunuan ng Katipunan. Sa pagpasok nila Aguinaldo sa pamunuan ng rebolusyon, ano ang kanilang dala? Malinaw na ang kalakhang motibasyon ng pamunuan sa bagong pamahalaan ay ang makasarili at makauring interes ng mga haciendero't umuusbong na burgesya sa bayan. Ipinakita ito sa pakikipagsabwatan nila sa imperyalistang Amerikano at sa pagsipa kay Mabini (ang tanging ideolohikal) na kasapi ng kabinete ni Aguinaldo at sa likidasyon ng radikal at anti-imperyalistang si Heneral Luna.

Mahigit kumulang 128 na taon na ang nakakalipas matapos ang Rebolusyong 1896, subalit malayo pa ang "liwanag" at "ginhawa" na pinangarap nina Bonifacio at Jacinto. Tinatahak pa rin ng bayan ang pusikit na karimlan. Tulad ng sa panahon ng kolonyalismo, laganap pa rin ang kagutuman, kawalang kabuhayan at paghihikahos ng bayan. Nanatiling walang lupa ang mga magsasaka, nakapako sa mababang sahod ang mga manggagawa habang tuloy-tuloy na pumapaimbulog ang presyo ng mga pangunahing serbisyo't bilihin. Sa kabilang banda, walang habas at karimarimarim ang krimen at korupsyon sa burukrasya't militar, habang ang lupa, mga impresa't negosyo ay monopolyo ng iilan kasabwat ang mga dayuhan. Nagpapatuloy ang pagsasamantala ng tao sa kapwa tao.

Kailan magwawakas ang ganitong kalagayan?

Hindi pa lubusang niyayakap ng proletaryadong Pilipino ang ideolohiyang tatanglaw sa dilim at gagabay sa pagdurog sa tanikala ng pagsasamantala ng tao sa kapwa tao.

**Mga Sanggunian**

Alvarez, S. V. (1992). *The Katipunan and the revolution: Memoirs of a General: with the original Tagalog text*. Ateneo de Manila University Press.

Anonuevo, R. (2008, February 8). Ideolohiya ng Katipunan sa "Bangkay na Nang Abutan" ni Florentino T. Collantes. https://tataraul.wordpress.com/2008/02/08/likha-ni-tarikang-roberto-t-anonuevo/

Borromeo, S. M. (2017). *Scripted by men, not by fate: Andres Bonifacio in Cavite: an analytical narrative with commentary on selected sources* (1st ed.). The University of the Philippines (UP) Press.

Borromeo-Buehler, S. (1985). The Inquilinos of Cavite: A social class in nineteenth-century Philippines. *Journal of Southeast Asian Studies*, *16*(1), 69-98. https://doi.org/10.1017/s0022463400012777

Chua, M. C. (2014). Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan. *Saliksik E-Journal*, *3*(2). https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F02-Chua.pdf&di=5488

Constantino, R. (1972). Veneration without understanding. *Journal of Contemporary Asia*, *1*(4), 3-18. https://doi.org/10.1080/00472337185390141

De Guzman, D. C. (2000). The evil that men do: The crimes of Rizal & Aguinaldo: The treason of the intellectuals & the Philippine culture of corruption: A sociological, historical, and philosophical investigation (1st ed.). https://catalogue.nla.gov.au/catalog/5009236

Galang, J. A. (2025). Pag-uugnay ng mga Artikulo Kapookan, Kaisipan, Lawak, at Anyo ng Paglaban: Ang Saysay ni Bonifacio at ng Himagsikang Pilipino. *Saliksik E-Journal*, *3*(2). https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F02-Chua.pdf&di=5488

Guerrero, M. (n.d.). Pagtanaw sa kasaysayan, paghahanda sa himagsikan: Mga ideya ng Katipunan, 1892–1897. Kasarinlan, 14, 37–52.

Guerrero, M. C. (1987). Luzon at war: Contradictions in Philippine society, 1898–1902. Anvil Publishing.

Ileto, R. C. (1997). *Pasyon and revolution: Popular movements in the Philippines, 1840-1910*. Ateneo University Press.

Kimuell-Gabriel, N. (2014a). Andres Bonifacio: Kapookan, Kaisipan, at Kabayanihan. *Saliksik E-Journal*, *3*(2). https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FP%2F04+Pambungad-Kimuell-Gabriel.pdf&di=5486

Kimuell-Gabriel, N. (2014b). Ang Tundo ni Bonifacio, Si Bonifacio sa Tundo. *Saliksik E-Journal*, *3*(2). https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2FKimuell.pdf&di=5487

May, G. A. (2012). Warfare by Pulong: Bonifacio, Aguinaldo, and the Philippine Revolution against Spain. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 55(4). https://doi.org/10.13185/2244-1638.1837

McCoy, A. W. (2009). An anarchy of families: State and family in the Philippines. University of Wisconsin Press.

Ocampo, S. (n.d.). The revolution continues. *PUBLIC POLICY*, *2*(2), 70-82. https://cids.up.edu.ph/wp-content/uploads/2022/03/The-Revolution-Continues-vol.2-no.2-April-June-1998-5.pdf

Philippine Center for Masonic Studies. (n.d.). The Katipunan ideology. Retrieved February 9, 2026, from https://www.philippinemasonry.org/the-katipunan-ideology.html

Pilapil, V. R. (1965). The cause of the Philippine Revolution. Pacific Historical Review, 34(3), 249–264. https://doi.org/10.2307/3636522

Rafael, V. (n.d.). How revolutionary was the Philippine Revolution? [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=1vDHA3Ex9P4

Ricarte, A. (1992). *Memoirs of General Artemio Ricarte*. National Historical Commission of the Philippines.

Richardson, J. (2013). *The light of liberty: Documents and studies on the Katipunan, 1892-1897* (1st ed.). Ateneo de Manila University Press.

Riofrancos, T. (n.d.). The ideology of the Creole revolution. Political Theory, 47(1). https://doi.org/10.1177/0090591718771086

Salazar, Z. A. (1996). Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan. *Bagong Kasaysayan*, *6*.

Salazar, Z. A. (1997). Ang 'Real' ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong Kasaysayan (series)*, *1*.

San Juan, E. (2016). Lagda ni Andres Bonifacio: Paghamon sa tadhana, himagsikan, at pagtupad sa kapalaran ng sambayanang Pilipino. Social Science Diliman. https://scispace.com/pdf/lagda-ni-andres-bonifacio-paghamon-sa-tadhana-himagsikan-at-4d13i2e4vz.pdf

Scalice, Joseph. (2018, September 9). Ileto's Pasyon and Revolution revisited. https://www.josephscalice.com/2018/09/iletos-pasyon-and-revolution-revisited/

Simon, J. (2017). The ideology of Creole revolution: Imperialism and independence in American and Latin American political thought. Cambridge University Press.

Suchlicki, J. (1966). The political ideology of José Martí. Caribbean Studies, 6(1). https://www.jstor.org/stable/25611924

Villan, V. C. (2014). Kasakupan, Pag-uugnayan, at Pag-iilihan: Isang Paggunita at Pagsasakasaysayan sa Katipunan at Himagsikang Pilipino sa Capiz, 1896–1898. *Saliksik E-Journal*, *3*(2). https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FSEJ%2FVol.+3+No.+2+%282014%29%2FMgaA%2F05-Villan.pdf&di=5491

Wikipedia. (2025, December 25). List of Filipino generals in the Philippine Revolution and the Philippine-American War. Wikipedia. https://en.wikipedia.org/wiki/List_of_Filipino_generals_in_the_Philippine_Revolution_and_the_Philippine%E2%80%93American_War

**HINGIL SA MAY AKDA**

Si JACINTO R. VALILA, JR. ay nagtamo ng Batsilyer at Masterado mula sa Unibersidad ng Pilipinas kung saan niya pinaghahandaan ang pagsulat ng disertasyon para sa PhD Philippine Studies (Political Science). Nakapaglimbag na ng mga papel-pananaliksik sa iba't ibang academic journals kaugnay sa mga radikal na kilusang masa. Bilang kasalukuyang Kawaksing Propesor sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, siya ay nagtuturo ng Philippine at East Asian History, Social and Political Philosophy at mga Marxistang aralin. Panghabang-buhay na kasapi siya ng UP Diliman's Phi Gamma Mu Honor Society in the Social Sciences.